

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdiwang ang Araw ng Canada sa Brampton!

BRAMPTON, ON (Hunyo 17, 2022) – Ikinagagalak ng Lungsod ng Brampton ang pagbabalik ng personal na pagdiriwang nito sa Araw ng Canada sa Hulyo 1 mula 12 hanggang 10 pm sa Chinguacousy Park. Ang pagdiriwang sa Araw ng Canada ng Brampton ay ang pinakamalaking iisang araw na event ng Lungsod, na nagdidiriwang sa okasyon sa araw ng live entertainment, sining, kultura, pagkain, fireworks at marami pa!

Entertainment na Nakakabuti sa Pamilya

Dalhin ang buong pamilya sa masayang araw na puno ng aktibidad:

- Lumukso sa saya sa inflatable zone;
- Mag-enjoy sa lahat ng amenidad na iniaalok ng Chinguacousy Park kabilang ang splash pad at mga playground, skateboard park, mini-golf, carousel at trackless train, paddle boat rentals, mini moo farm at marami pa;
- Suportahan ang mga lokal na negosyo sa mga puwesto ng mga vendor ng pagkain at retail;
- Pamimigay ng cupcake kasama ang mga Miyembro ng Konseho;
- Water-refill stations na ipipresenta ng Meridian Credit Union;
- Live fireworks sa 10 pm na ipipresenta ni Tim Hortons; at
- Mas marami pa!

Live Entertainment

Aaliwin ng Chinguacousy Swing Orchestra, Brampton Folk Club at Eclectic Revival ang mga panauhin sa buong maghapon sa musika malapit sa paddle boat pavilion. Pagkatapos, magpunta sa concert zone para sa for musical performances live mula sa pangunahing entablado sa 6 pm, na iho-host ng media personality, entrepreneur at culture contributor na si Jesse Jones. Pasisimulan ni Roberta Battaglia ang mga pagganap sa pag-awit ng Pambansang Awit, at pagkatapos mag-enjoy sa mga performance ng Brampton rapper na si Spitty na susundan ng Juno-nominated na Snotty Nose Rez Kids at headliner at hip-hop legend, na si Kardinal Offishall, para sa isang gabi na hindi mo malilimutan. Tapusin ang gabi sa isang spectacular fireworks show na ipipresenta ni Tim Hortons sa 10 pm para gunitain ang kaarawan ng Canada.

Si Spitty ay isang Indian-Canadian rapper mula sa Brampton na bumubuo ng ingay kasama ang isang dedicated at lumalaking fanbase mula sa buong mundo. Noong 2021, inilabas ni Spitty ang kanyang debut album na Full Circle, na tumanggap ng paghanga mula sa maraming publikasyon kasama ang Rolling Stone India & Much Music na nagpapamalas sa kanyang kapwa pambansa at pandaigdigang abot. Sa lakas ng album, pinangunahan ni Spitty ang kanyang sariling concert sa Toronto at nag-perform sa buong southern Ontario bago inilakbay ang kanyang musika para sa 6 na linggong USA tour sa unang bahagi ng 2022. Mula noon ay naipagpatuloy niya ang kanyang momentum, na bago

lang nag-perform sa DesiFest sa Dundas Square, Canadian Music Week, NXNE, at BVX Fest sa Downtown Brampton.

Ngayon, nilalayan ni Spitty na mag-release ng bagong sikat na musika at ipagpatuloy ang kanyang paglalakbay sa mataas na enerhiyang mga live show.

Ang Snotty Nose Rez Kids ay isang First Nations hip hop duo na binubuo ng Haisla rappers na sina Darren "Young D" Metz at Quinton "Yung Trybez" Nyce. Sila ay orihinal na nanggaling mula sa Kitamaat Village, British Columbia, at kasalukuyang nakabase sa Vancouver. Ang kanilang 2017 album na The Average Savage ay napili para sa 2018 Polaris Music Prize, at nanomina sila para sa isang Juno Award Indigenous Music Album of the Year sa Juno Awards noong 2019 at 2022.

Si Kardinal Offishall ay isang rapper, record producer, DJ, at record executive. Madalas nan a-credit bilang "hip hop ambassador" ng Canada, siya ay itinuturing bilang best hip hop na mga artist sa bansa at kilala sa distinctive reggae at dancehall-influenced style ng hip hop.

Ang event sa Araw ng Canada ng Lungsod ng Brampton ay itinataguyod ng Meridian Credit Union, ni Tim Hortons, Alectra, Bell, Coke Canada Bottling, Kwalidad Sweets, No Frills at Simplii Financial.

Ang Chinguacousy Park ay matatagpuan sa 9050 Bramalea Road. Limitado ang pagparada sa site sa halagang \$20 kada behikulo at inihahanda ang pansamantalang pagsasara ng mga daan. Hinihikayat ang mga dadalo na maglakad, magbisikleta, o samantalahin ang libreng shuttle service na iniaalok ng Brampton Transit para sa araw na iyon.

Habulin ang libreng shuttle sa sumusunod na mga lokasyon bawat 30 minuto umpisa sa tanghali:

- Mount Pleasant GO Station
- Trinity Common Mall
- Sheridan College
- Gore Meadows Community Centre and Library

Ang sumusunod na alternatibong mga lokasyon na paradahan ay available malapit sa Chinguacousy Park:

- Bramalea City Centre
- Brampton Civic Centre
- Greenbriar Recreation Centre
- Lester B. Pearson Catholic School
- St. Jean Brebeuf Catholic School
- Terry Miller Recreation Centre

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa event ng Araw ng Canada, bisitahin ang brampton.ca/canadaday.

Mga Quote

"Excited tayo na i-host ang mga residente nang personal muli sa taon na ito sa ating pinakamalaking taunang event para ipagdiwang ang Araw ng Canada! Sumama sa amin sa Hulyo 1 sa Chinguacousy

Park para sa isang kahanga-hangang live entertainment, sining, kultura, pagkain, at fireworks. Mayroong isang bagay para mag-enjoy ang bawat isa sa pamilya!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Iniimbitahan ang mga residente at panauhin na sumama sa amin para sa Araw ng Canada sa Chinguacousy Park! Ipagdiwang ang kaarawan ng Canada sa mga performance mula sa Canadian hip-hop legend na si Kardinal Offishall at Juno-nominated na Snotty Nose Rez Kids, mag-enjoy sa fireworks display at sumali sa mga aktibidad na nakakabuti sa pamilya. Limitado ang pagparada sa site, kaya pag-isipan ang paglalakad, pagbibisikleta o samantalain ang ating libreng serbisyo ng Brampton Transit shuttle!”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Inaasahan natin ang pag-welcome muli sa mga residente sa ating personal na pagdiriwang sa Araw ng Canada sa taon na ito. Sumamja sa Lungsod sa Chinguacousy Park sa Hulyo para sa kamanghamanghanay ng mga aktibidad at performance.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca